



PUBLIC NOTICE

ABISO NG AVAILABILITY/ABISO NG PAGDINIG SA PUBLIKO

Proyektong California High-Speed Rail – Seksyon ng Proyekto na Burbank Hanggang Los Angeles

DRAFT NA ENVIRONMENTAL IMPACT REPORT/ENVIRONMENTAL IMPACT STATEMENT

Inaanunsiyo ng California High-Speed Rail Authority (Authority) ang availability ng Draft na Environmental Impact Report/Environmental Impact Statement (EIR/EIS) para sa Seksyon ng Proyekto na Burbank Hanggang Los Angeles ng Proyektong California High-Speed Rail. Inihanda na ang Draft na EIR/EIS at makukuha ito alinsunod sa California Environmental Quality Act (CEQA) at National Environmental Policy Act (NEPA).

Ang Draft na EIR/EIS ng Seksyon ng Proyekto na Burbank Hanggang Los Angeles at mga kaugnay na dokumento ay makukuha ng publiko sa Mayo 29, 2020.

Makukuha ang Draft na EIR/EIS ng Seksyon ng Proyekto na Burbank Hanggang Los Angeles nang online sa format na PDF sa website ng Authority (www.hsr.ca.gov) o maaari kang humiling ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa (877) 977-1660.

Ang pagsusuri sa kapaligiran, konsultasyon, at iba pang pagkilos na iniaatas ng naaangkop na pederal na batas sa kapaligiran para sa proyektong ito ay isinasagawa o naisagawa na ng Estado ng California alinsunod sa 23 U.S. Code 327 at isang Memorandum of Understanding (MOU) na may petsang Hulyo 23, 2019 at ipinatupad ng Federal Railroad Administration (FRA) at Estado ng California. Sa ilalim ng MOU na iyon, ang Authority ang pangunahing ahensya ng proyekto sa ilalim ng NEPA. Bago ang MOU na may petsang Hulyo 23, 2019, ang FRA ang pangunahing ahensya ng pederal. Ang Authority rin ang pangunahing ahensya sa ilalim ng CEQA.

IMINUMUNGKAHING PROYEKTO AT LOKASYON

Bumuo ng Statewide Program (Tier 1) EIR/EIS noong 2005 bilang unang phase ng may tier na proseso ng pagsusuri sa kapaligiran para sa iminumungkahing California High-Speed Rail (HSR) System na pinlanong maglaan ng maaasahang electric-powered na high-speed rail system na nagkokonekta sa mga pangunahing lugar sa lungsod ng estado at naghahatid ng mga maaasahan at hindi pabago-bagong oras ng biyahe. Ang isang karagdagang layunin ay ang makapaglaan ng koneksyon sa mga komersyal na paliparan, mass transit, at network ng highway at makatulong na malutas ang mga limitasyon sa kapasidad ng kasalukuyang system ng transportasyon habang tumataas ang demand sa paglalakbay sa pagitan ng mga lungsod sa California, sa paraang sensitibo at nagbibigay ng proteksyon sa mga natatanging likas na yaman ng California. Bumuo ng pangalawang (Tier 1) EIR/EIS sa antas ng programa noong 2008 na nakatuon sa koneksyon sa pagitan ng Bay Area at Central Valley; nirebisa ng Authority ang dokumentong ito sa ilalim ng CEQA at binuo ito ng Authority noong 2012. Batay sa Mga Program EIR/EIS, pumili ang Authority ng mga gustong corridor at lokasyon ng istasyon upang magbigay-daan sa higit pang pag-aaral.

Naghanda ang Authority ng (Tier 2) EIR/EIS sa antas ng proyekto na higit pang nagsusuri sa Seksyon ng Proyekto na Burbank Hanggang Los Angeles. Ang Seksyon ng Proyekto na may habang humigit-kumulang 14 na milya ay magbibigay ng serbisyo ng HSR sa pagitan ng Burbank Airport Station sa Burbank at Los Angeles Union Station sa Los Angeles. Ang mga istasyong ito ng HSR ay maglalaan ng mga link sa mga rehiyonal at lokal na serbisyo ng mass transit at ng koneksyon sa mga paliparan at network ng highway sa San Fernando Valley at Los Angeles Basin. Ikokonekta ng Seksyon ng Proyekto ang Hilagang bahagi at Timog na bahagi ng system ng Statewide HSR.

Sinusuri ng Draft na ito ng EIR/EIS ang mga epekto at benepisyo ng No Project Alternative at isang Build Alternative. Ang Gustong Alternatibo ng Authority sa ilalim ng NEPA, na nagsisilbing iminumungkahing proyekto para sa CEQA ay ang HSR Build Alternative. Kasama sa Gustong Alternatibo ang isang bagong istasyon malapit sa Hollywood Burbank Airport, mga modipikasyon sa Los Angeles Union Station (pag-aangat sa mga platform ng pasahero at paglalagay ng overhead catenary system), mga bagong may kuryenteng riles sa kasalukuyang corridor ng railroad (na paghahatian ng Metrolink at Amtrak), isang tunnel sa ilalim ng Hollywood Burbank Airport (Runway 8-26, Taxiway D, at ang iminumungkahing extension ng Taxiway C), at mga pasilidad ng power para sa traction.

MGA INAASAHANG EPEKTO

Ang mga malalaking epekto sa kalikasan bago ang mitigation dahil sa HSR Build Alternative ay inaasahan sa mga sumusunod na lugar ng resource: transportasyon (mga epekto ng operasyon); kalidad ng hangin at pandaigdigang pagbabago ng klima (mga epekto ng konstruksyon); ingay at pag-vibrate (mga epekto ng konstruksyon at operasyon); mga electromagnetic na field at electromagnetic na interference (mga epekto ng konstruksyon at operasyon); mga pampublikong utility at enerhiya (mga epekto ng konstruksyon at operasyon); biological na resource at resource sa tubig (mga epekto ng konstruksyon at operasyon); mga resource ng hydrology at tubig (mga epekto ng konstruksyon at operasyon); mga mapanganib na materyal at waste (mga epekto ng konstruksyon); kaligtasan at seguridad (mga epekto ng operasyon); socioeconomics at mga komunidad (mga epekto ng konstruksyon at operasyon); pagpapalano ng istasyon, paggamit ng lupa, at paggawa (mga epekto ng operasyon); mga parke, recreation, at bakanteng espasyo (mga epekto ng konstruksyon at operasyon); aesthetics at mga biswal na resource (mga epekto ng konstruksyon); at mga kultural na resource (mga epekto ng konstruksyon).

MGA SITE NG MAPANGANIB NA WASTE

Ang ilang pasilidad na kasama sa HSR Build Alternative ay matatagpuan sa o malapit sa mga site o pasilidad sa mga mapanganib na materyal/mga listahan ng kontaminadong site na binabanggit sa Seksyon 65962.5 ng California Government Code (Cortese List).

PANAHOON NG PAMPUBLIKONG PAGSUSURI

Ginagawang accessible ng Authority ang Draft na ito ng EIR/EIS alinsunod sa CEQA at NEPA sa loob ng minimum na 45 araw na panahon ng pagsusuri at pagkomento. Sa panahon ng pagkomento, maaaring isumite ang mga komento sa mga sumusunod na paraan:

- Sa pamamagitan ng koreo sa Attn: Burbank to Los Angeles Draft EIR/EIS Comment, 355 S Grand Avenue, Suite 2050, Los Angeles, CA 90071
- Sa pamamagitan ng website ng Authority (www.hsr.ca.gov)
- Sa pamamagitan ng pag-email sa Burbank_Los.Angeles@hsr.ca.gov na may subject line na "Draft EIR/EIS Comment".
- Pasalitang pagkokomento sa direktang linya para sa Seksyon ng Proyektong Burbank Hanggang Los Angeles sa (877) 977-1660.
- Pasalitang testimonya sa pampublikong pagdinig na gaganapin sa Hulyo 8, 2020 mula 3:00-8:00 p.m.

Magsisimula ang panahon ng pagkomento sa Mayo 29, 2020 at magtatapos ito sa Hulyo 16, 2020. Dapat maselyuhan o matanggap sa electronic na paraan ang mga komento sa o bago ang Hulyo 16, 2020.

Pagkatapos ng panahon ng pampublikong pagsusuri, maghahanda ang Authority ng Huling EIR/EIS, kung saan isasama ang mga tugon sa mga komentong matatanggap sa panahon ng pagkomento.

OPEN HOUSE AT PAMPUBLIKONG PAGDINIG

UPDATE TUNGKOL SA COVID-19

Dahil sa mga kinakailangan sa pampublikong kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa coronavirus, gaganapin ang **pampublikong open house** nang online at sa pamamagitan ng telepono sa Hunyo 18, 2020 mula 5:00-7:30 p.m. at gaganapin ang **pampublikong pagdinig** nang online at sa pamamagitan ng telepono sa Hulyo 8, 2020 mula 3:00-8:00 p.m.

Kasunod ng paglaganap ng novel coronavirus (tinutukoy rito bilang COVID-19) sa California (at sa buong mundo), noong Marso 17, 2020, nag-anunsyo ang Gobernador ng California na si Gavin Newsom ng mga direktiba upang matugunan ang pangangailangan na mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 kabilang ang pagbabawal sa mga pagtitipon gaano man kalaki ang mga ito. Bukod pa rito, ipinatupad ni Gobernador Newsom ang Executive Order N-33-20 noong Marso 19, 2020, na nag-uutos sa lahat ng indibidwal na nakatira sa Estado ng California na manatili sa bahay o sa lugar na tinitirhan nila, na may bisa kaagad hanggang sa magbigay ng karagdagang abiso. Upang makasunod sa mga direktiba ng Gobernador at sa Executive Order N-33-20, at upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan, babaguhin ang nakasanayang personal na format ng open house at pampublikong pagdinig at gagawin itong isang “virtual” na format na gaganapin online at sa pamamagitan ng telepono.

Iniiimbithan ka ng Authority na lumahok sa virtual na open house na naka-schedule sa Hunyo 18, 2020. Magtatampok ang open house ng overview ng proyekto at interactive na session ng pagtatanong at pagsagot. Naka-schedule sa Hulyo 8, 2020 ang virtual na pampublikong pagdinig. Ang pampublikong pagdinig ay magbibigay ng oportunidad sa mga miyembro ng publiko na magbahagi ng pormal na pasalitang testimonyo. Ire-record ng opisyal na taga-ulat ng korte ang mga pasalitang komentong ibibigay sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono.

Pakitingnan ang website ng Authority (www.hsr.ca.gov) para sa higit pang impormasyon, kabilang ang up-to-date na impormasyon tungkol sa nakaplanong open house at pampublikong pagdinig at kung paano ia-access ang mga ito. Ang lahat ng kahilingan para sa mga makatuwirang tulong at serbisyo sa wika ay dapat isumite nang 72 oras bago ang naka-schedule na petsa ng meeting. Makipag-ugnayan sa pampublikong outreach team ng Authority sa (877) 977-1660 o tawagan ang California Relay Service sa 711.

MGA KOPYA NG DRAFT NA EIR/EIS

Pakibisita ang website ng Authority (www.hsr.ca.gov) upang makapag-download ng electronic na kopya ng Draft na EIR/EIS. Maaari ka ring humiling ng kopya ng Draft na EIR/EIS sa pamamagitan ng pagtawag sa (877) 977-1660.

Kung hindi nakahahadlang ang kasalukuyang sitwasyon, makukuha ang mga naka-print na kopya at/o electronic na kopya ng Draft na EIR/EIS at mga electronic na kopya ng mga nauugnay na teknikal na ulat sa mga sumusunod na lokasyon, sa mga oras na bukas ang pasilidad (maaaring umikli ang mga araw/oras na bukas ang pasilidad bilang pagsunod sa mga direktiba para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan kaugnay ng COVID-19):

- Burbank
 - Buena Vista Branch Library, 300 N Buena Vista Street
 - Northwest Branch Library, 3323 W Victory Boulevard
 - Burbank Central Library, 110 N Glenoaks Boulevard


- Glendale
 - Grandview Library, 1535 Fifth Street
 - Pacific Park and Community Center, 501 S Pacific Avenue
 - Glendale Central Library, 222 E Harvard Street
- Los Angeles
 - Atwater Village Branch Library, 3379 Glendale Boulevard
 - Chinatown Branch Library, 639 N Hill Street
 - Cypress Park Branch Library, 1150 Cypress Avenue
 - Lincoln Heights Branch Library, 2530 Workman Street
 - Little Tokyo Branch Library, 203 S Los Angeles Street

Masusuri rin ang mga naka-print na kopya at/o electronic na kopya ng Draft na EIR/EIS at mga electronic na kopya ng mga nauugnay na teknikal na ulat sa mga oras na bukas ang negosyo sa Southern California Regional Office ng Authority sa 355 S Grand Avenue, Suite 2050, Los Angeles, CA at sa Headquarters ng Authority sa 770 L Street, Suite 620 MS-1, Sacramento, CA.

Makakakuha ng mga electronic na kopya ng Tier 1 na dokumento kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng Authority sa (877) 977-1660. Maaari ring suriin ang mga Tier 1 na dokumento sa mga tanggapan ng Authority sa mga oras na bukas ang negosyo sa 770 L Street, Suite 620 MS-1, Sacramento, CA 95814 at sa 355 S Grand Avenue, Suite 2050, Los Angeles, CA.

Maaaring pinaikli ang mga araw/oras na bukas ang mga tanggapan ng Authority kapag iniaatas ng mga direktiba para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan kaugnay ng COVID-19. Kumonsulta sa www.hsr.ca.gov para sa up-to-date na impormasyon.

Hindi nandiskrimina ang Authority batay sa kapansanan at, kapag hiniling, magbibigay ang Authority ng makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito.



Pinagmulan: Authority 2019

Figura 1 Seksyon ng Proyekto na Burbank Hanggang Los Angeles